7:4

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ABRIL 2, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo ......... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. ......... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS ......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Narciso A. Cayos ......... | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ......... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 073-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI G. ARTHUR CABALLES NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (TWO-COCK DERBY) SI G. NEDO SARMIENTO SA ABRIL 3, 2007 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO.**

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni G. Arthur Caballes na makapagdaos ng pasabong ( two - cock derby) si G. Nedo Sarmiento sa Argem Sports Coliseum sa Abril 3, 2007;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa kawanggawa ay ipinasya ng Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang kahilingan ni G. Arthur Caballes na makapagdaos ng pasabong (two-cock derby) si G. Nedo Sarmiento sa Abril 3, 2007 sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Pulisya, Business Permit and License Office at Tagapangulo ng Argem Sports Coliseum, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. BRYAN R. LATEO
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan